**Journal of Multidisciplinary in Education** | **ISSN print 3082-5024 e-3082-5237**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP** | Volume 2 |Issue 2| June 20, 2026

**"Emerging Trends and Challenges in Multidisciplinary Education"**

# SA KUMPAS NG PANAHON: KAHANDAAN AT MGA PAMAMARAAN NG PAGHARAP NG MGA GURO SA SPECIAL NEEDS EDUCATION SA PAGTUTURO GAMIT ANG FILIPINO SIGN LANGUAGE

**Rafaelito M. Manila[1], Dr. Marion C. Laguerta**
College Instructor I
Pamantasan ng Cabuyao
*Email: raphmanila13@gmail.com*
DOI:10.63305/737704

***Abstract***

*This study explored the readiness, teaching practices, coping mechanisms, and resilience of Special Needs Education teachers in teaching through Filipino Sign Language in the context of inclusive education in the Philippines. Anchored on the implementation of Republic Act No. 11106, or the Filipino Sign Language Act, the research aimed to understand how teachers experience the transition toward the use of FSL, how they describe their instructional strategies, how they cope with professional and emotional challenges, and what factors influence their resilience as educators of learners with hearing impairment.*

*The study employed a qualitative phenomenological design, using semi-structured interviews with seven SNED teachers who had actual experience teaching learners with hearing impairment through sign language. The data were analyzed through thematic analysis to identify recurring patterns, significant experiences, and meanings drawn from the participants' narratives.*

*Findings revealed that teachers entered FSL implementation with varying levels of readiness. Some had prior exposure to ASL, SEE, Love Sign, or local signs, but many experienced confusion, limited formal training, lack of FSL-aligned materials, heavy teaching loads, and inadequate institutional support. Despite these challenges, the teachers gradually adapted by using visual, learner-centered, and differentiated strategies such as pictures, gestures, demonstrations, PowerPoint presentations, subtitles, spelling, actual scenarios, and flexible classroom activities. The use of FSL helped improve classroom communication, strengthened student participation, and reduced barriers between teachers and learners. However, the transition also produced stress, self-doubt, frustration, and emotional fatigue among teachers.*

*The study concluded that effective FSL implementation depends not only on individual teacher dedication but also on sustained training, instructional resources, interpreter support, collaboration with the Deaf community, parental involvement, and institutional commitment. Thus, the study recommends the implementation of the Integrated SNED Teacher Coping Enhancement Program, or Kumpas-Gabay, to strengthen teachers' FSL proficiency, pedagogical competence, coping mechanisms, resilience, and support systems for a more inclusive and humane SNED-FSL education.*

***Keywords –*** *Filipino Sign Language; Special Needs Education; Teacher Readiness; Coping Mechanisms; Inclusive Education*

## INTRODUCTION

Sa bawat kumpas ng panahon, kasabay ng pag-ikot ng mundo, ay ang patuloy na paglalakbay ng edukasyon tungo sa pagiging bukas, pantay, at makatao. Sa lipunang patuloy na humuhubog ng kaalaman, hindi maikakaila na may mga tinig na tila hindi naririnig, hindi dahil sila'y walang sinasabi, kundi dahil ang kanilang wika ay hindi nauunawaan. Sa loob ng mga silid-aralan ng Special Needs Education (SNED), ang Filipino Sign Language (FSL) ang nagsisilbing tulay ng komunikasyon, ang sining ng pagkumpas ng kamay na nagbibigay tinig sa mga bingi at pipi, at ang pag-asa ng inklusibong pagkatuto. Sa ganitong konteksto, ang papel ng guro sa SNED ay hindi lamang bilang tagapagturo, kundi bilang tagapagtaguyod ng karapatang pantao at pagkakapantay-pantay sa pagkatuto (Lorenzo et al., 2021).

Ngunit sa kabila ng pagkilala sa Filipino Sign Language (FSL) bilang opisyal na wika ng mga Pilipinong bingi at pipi sa ilalim ng Republic Act No. 11106, nananatiling hamon ang aktwal na implementasyon nito sa mga paaralan. Ang tanong ay hindi lamang kung may sapat na kaalaman ang mga guro, kundi kung sila ba ay handa pagdating sa emosyonal, intelektwal, at pedagogikal na aspeto upang yakapin ang wika ng pagkumpas ng kamay bilang kasangkapan ng pagtuturo (DepEd Bataan, 2024). Sa panahong binago ng pandemya ang anyo ng edukasyon, at sa gitna ng mga reporma sa kurikulum, ang kahandaan ng mga guro sa Special Needs Education (SNED) ay higit na kailangang suriin.

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, inaasahang mabibigyang-liwanag ang mga puwang sa kasalukuyang sistema, at maipapakita ang mga konkretong hakbang na maaaring gawin upang higit pang mapalakas ang kapasidad ng mga guro (Kilag et al., 2025). Sapagkat sa bawat kumpas ng kamay, may mensaheng nais iparating; at sa bawat kumpas ng panahon, may panawagang dapat tugunan. Ang edukasyon ay hindi lamang para sa nakakarinig, kundi para sa lahat, at ang tunay na guro ay yaong handang matuto ng wika ng kanyang mag-aaral, gaano man ito kaiba o katahimik.

## OBJECTIVES OF THE STUDY

1. Tuklasin at unawain ang mga buhay na karanasan ng mga guro sa Special Needs Education (SNED) hinggil sa kanilang kahandaan at mga pamamaraang ginagamit sa pagtuturo gamit ang Filipino Sign Language (FSL).

2. Maipakita ang esensya ng kanilang karanasan at damdamin, pananaw, at pagsusumikap na kaakibat ng kanilang tungkulin.
3. Mailarawan ang antas ng kahandaan ng mga guro sa paggamit ng Filipino Sign Laguage (FSL) bilang midyum ng pagtuturo, at tukuyin ang mga salik na nakaaapekto sa kanilang kakayahang maisakatuparan ito.
4. Alamin ang mga pangunahing hamon na kanilang kinakaharap sa pagtuturo ng mga batang may espesyal na pangangailangan, gayundin ang mga estratehiya at pamamaraang kanilang ginagamit upang mapagtagumpayan ang mga ito.

## METHODOLOGY

Gumamit ng Interpretative Phenomenological Analysis Approach (IPA) upang masaliksik ang emosyonal, pedagogikal, at praktikal na dimensyon ng pagtuturo gamit ang FSL. Ang mga kalahok sa pananaliksik ay mga guro sa SNED na may aktwal na karanasan sa pagtuturo ng mga mag-aaral na may kapansanang pandinig gamit ang Filipino Sign Language. Gamit ang purposeful sampling at snowball sampling, natiyak na ang mga kalahok ay may sapat na kaalaman, kasanayan, at kahandaan sa paggamit ng FSL bilang midyum ng pagtuturo. Ang pagpili ng kalahok ay isinagawa sa mga piling paaralan at institusyon sa Lungsod ng Cabuyao. Nakakalap ang mananaliksik ng pitong (7) kalahok, sapat upang makamit ang data saturation sa pagsusuri ng mga tema.

## RESULTS AND DISCUSSION

### TALAHANAYAN 1

KAHANDAAN SA MGA PAGBABAGO SA IMPLEMENTASYON NG FSL

***Super-ordinate Theme: Panimulang kahandaan at mga hamon sa implementasyon ng FSL***

| SUB-ORDINATE THEMES | PARTICIPANTS' RESPONSES | SUMMARY OF RESPONSE |
|---|---|---|
| **Pag-asa sa naunang sign system bilang panimulang kapital** | "Mayroon po kaming tinatawag na Love Sign. Halos magkaano naman yung Filipino Sign Language at American Sign Language kaya ang halos alam ng mga bata namin ASL talaga." | Tumutukoy ito sa: Pag-asa sa naunang sign system bilang panimulang kapital. |
| **Paunang pagbuo ng FSL exposure sa kabila ng limitadong kahandaan** | "ASL talaga pero habang bata pa yung bata dapat nasisimulan na natin sa pagbati hanggang sa kung paano tayo magturo ng aralin na dapat nilang matutunan." | Tumutukoy ito sa: Paunang pagbuo ng FSL exposure sa kabila ng limitadong kahandaan. |
| **Pagkalito sa lingguwistikong paglipat mula ASL tungo sa FSL** | "Yung naranasan ko ay pagkalito… at saka hirap, gawa na ang inaral talaga namin ay American Sign Language tapos po mas pormal na gamitin ang ASL kaysa sa FSL." | Tumutukoy ito sa: Pagkalito sa lingguwistikong paglipat mula ASL tungo sa FSL. |

| | | |
|---|---|---|
| **nti-unting pag-aangkop atay sa pagkakahawig g mga senyas** | "Nahirapan kami at first pero later on mas madali kaming naka adjust kasi nakita namin na most of the signs ay ano din parin naman, Love Sign parin naman hindi naman talaga purely na FSL lang talaga." | Tumutukoy ito sa: Unti-unting pag-aangkop batay sa pagkakahawig ng mga senyas. |
| **Kakulangan ng materyales na nakaayon sa FSL implementation** | "Tulad nung halimbawa mga video lessons so dapat yung mga video lessons yung... kung may e-book na ginagamit ng libro, ng regular class maaari sana yun eh gawing e-book para sa mga estudyante na may kaakibat na video na may nag s-sign, so iyon yung mga kakulangan. Walang learning and teaching materials na na provide na aligned doon sa FSL Act." | Tumutukoy ito sa: Kakulangan ng materyales na nakaayon sa FSL implementation. |
| **Mababang panimulang FSL proficiency at mabigat na teaching load** | "Zero knowledge talaga ako sir, kaya isang challenge talaga yon. Multi-grade, Senior High School po yung hawak ko, grade eleven and grade tweleve. Most especially sir na walang background ang teachers so... tapos biglang nag FSL sir, ehh malaki pong pagkakaiba ng FSL sa ASL." | Tumutukoy ito sa: Mababang panimulang FSL proficiency at mabigat na teaching load. |
| **Pormal na integrasyon ng FSL para sa malinaw at inklusibong akses** | "So FSL is integrated into the curriculum as a separate subject, because it's easy for subject that process deaf students learners slow grow-up. These experiences reflect the dedication of educators and the community to ensure that FSL is a vital tool for Deaf students communication and learning to the success and well-being of Deaf learners in the Philippines." | Tumutukoy ito sa: Pormal na integrasyon ng FSL para sa malinaw at inklusibong akses. |

Ipinakikita ng talahanayang ito na ang mga guro ay pumasok sa implementasyon ng FSL na may magkakaibang antas ng kahandaan. Bagama't may ilan nang may dating kaalaman sa Love Sign o ASL na nagsilbing panimulang puhunan, malinaw na lumitaw ang pagkalito, kakulangan sa materyales, limitadong pormal na pagsasanay, at mabigat na teaching load bilang pangunahing hamon sa unang yugto ng pagpapatupad. Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng tema na ang implementasyon ng FSL ay hindi simpleng pagbabago ng wika kundi isang malalim na pedagogikal at propesyonal na transisyon para sa mga guro.

Sinusuportahan ng Self-Efficacy Theory ang interpretasyon sapagkat ang mababang antas ng kahandaan, pagkalito, at kakulangan sa kasanayan ay may kaugnayan sa paniniwala ng guro sa sariling kakayahan sa pagtuturo. Kaugnay

**Journal of Multidisciplinary in Education** | **ISSN print 3082-5024 e-3082-5237**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP** | Volume 2 |Issue 2| June 20, 2026

**"Emerging Trends and Challenges in Multidisciplinary Education"**

nito, binigyang-diin nina Espeño et al. (2024) at Mendoza (2022) na ang kakulangan sa specialized training at limitadong paghahanda ay nagiging pangunahing hamon sa mga guro sa SNED, samantalang ipinakita nina Allam at Martin (2021) na ang kakulangan sa materyales at pasilidad ay direktang nakaaapekto sa kalidad ng pagtuturo at learning environment.

**TALAHANAYAN 2**

ANG MGA LIMITASYON AT KAHALAGAHAN NG IMPLEMENTASYON NG RA 11106

***Super-ordinate Theme: Kahalagahan at limitasyon ng RA 11106 sa komunikasyon at suporta sa silid-aralan***

| *SUB-ORDINATE THEMES* | *PARTICIPANTS' RESPONSES* | *SUMMARY OF RESPONSE* |
|---|---|---|
| **Pagkilala sa Deaf community bilang awtoridad sa sign system** | "Kasi ang Love Sign sir parang ano din eh… ang nag ano nun ay deaf din eh (ah okay po… parang iyon ang naging author niya) …mmm hmmm ang nag drawing naman po ay isang teacher naman po na sa deaf din… nasa deaf school din po… si sir Jimmy." | Tumutukoy ito sa: Pagkilala sa Deaf community bilang awtoridad sa sign system. |
| **Paglakas ng kumpiyansa at pag-unawa sa classroom communication** | "Tapos yun hanggang sa lumalaki na sila hanggang sa nag transfer na sila mas na build yung ano nila communication nila mas naging confident sila sa pagsesenyas hindi na sila tahimik basta sa isang tabi lang." | Tumutukoy ito sa: Paglakas ng kumpiyansa at pag-unawa sa classroom communication. |
| **Halo-halong gamit ng sign system dahil sa kakulangan ng seminar** | Bawal na kaming gumamit ng ASL pero hindi po namin siya naiiwasan gawa nang wala naman kaming mga seminar eh… wala po kaming seminar sa FSL kaya paano namin maa-adapt yun para maituro sa bata? Kaya talaga pong parang ang turo namin ay halo na pero mas lamang ang ASL." | Tumutukoy ito sa: Halo-halong gamit ng sign system dahil sa kakulangan ng seminar. |
| **Mabilis na pag-angkop ng mga mag-aaral sa bagong senyas** | Kailangan namin ituro ngayon yung bagong sign. Nabago na, included dito sa FSI so 'yon, nag. Yung mga bata naman namin ay madaling matuto, lalo pag sign language madali nilang ma adapt yung bagong sign na itinuturo sa kanila." | Tumutukoy ito sa: Mabilis na pag-angkop ng mga mag-aaral sa bagong senyas. |
| **Pagkilala sa Deaf identity sa harap ng kulang na suporta** | "Ang limitasyon ay una nga, yun nga... babablik na naman tayo na, mayroong ibinibang law pero walang resources, walang support or limitado ang support na ibinibigay para doon sa batas na naipatupad. Halimbawa, FSL sign language intepreter na kasama ang mga estudyante. So kung halimbawa, naka-inclusion sila dapat mayroong provided na interpreter, FSL interpreter." | Tumutukoy ito sa: Pagkilala sa Deaf identity sa harap ng kulang na suporta. |
| **Pagbawas sa communication gap sa kabila ng huling transisyon** | "Kumbaga kinuha din 'to sa ASL so, in a way para lang tayong mga immitator, tapos lang minodfy lang ng kaunti so kahit paano sir, kapag may alam ka sa ASL ma…. makaka adapt ka nang madali dito sa FSL. Ang nakikita ko sir ang kahalagahan niya definitely yung communication niyo. Yung gap natin... between the communication between our students nadidipen. | Tumutukoy ito sa: Pagbawas sa communication gap sa kabila ng huling transisyon. |

**Journal of Multidisciplinary in Education** | **ISSN print 3082-5024 e-3082-5237**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP** | Volume 2 |Issue 2| June 20, 2026

**"Emerging Trends and Challenges in Multidisciplinary Education"**

| | | |
|---|---|---|
| **Legal na batayan para sa interpreter at Deaf teacher support** | Importance of RA 11106! The law empowers the Deaf students to formally request FSL, providing the legal basis for the school to hire a qualified interpreters or provide FSL training for the teacher. It ensures the Deaf students has the right to be taught in their first language, rather than replying on lip-reading or written notes. | Tumutukoy ito sa: Legal na batayan para sa interpreter at Deaf teacher support. |

Makikita sa talahanayang ito na kinikilala ng mga kalahok ang RA 11106 bilang mahalagang batayan sa pagpapatibay ng karapatan ng mga batang bingi sa wikang mas angkop sa kanilang identidad at pagkatuto. Gayunman, kasabay ng kahalagahang ito ay ang malinaw na limitasyon sa antas ng implementasyon, lalo na sa kakulangan ng seminar, interpreter, materyales, at institusyonal na suporta. Samakatuwid, ipinapakita ng mga tugon na mahalaga ang batas bilang polisiya, ngunit nakasalalay pa rin ang tagumpay nito sa kongkretong suporta sa antas ng paaralan at silid-aralan.

Ang interpretasyon ay sinusuportahan ng RA 11106 na nagpapakitang ang FSL ay hindi lamang wikang panturo kundi simbolo rin ng pagkilala sa kultura at identidad ng Deaf community. Ipinakikita ng Philippine Federation of the Deaf (n.d.) na historikal at kultural ang batayan ng FSL, samantalang pinatitibay ng DepEd Order No. 44, s. 2021 ang tungkulin ng mga paaralan na maglaan ng makabuluhang educational support. Dahil dito, ang mga limitasyong naranasan ng mga guro ay maaaring unawain bilang puwang sa implementasyon ng mga umiiral na polisiya.

### TALAHANAYAN 3

PAG-AANGKOP SA MGA PAGBABAGO DULOT NG FSL

***Super-ordinate theme: Pedagohikal na pag-aangkop sa nagbabagong paggamit ng FSL***

| ***SUB-ORDINATE THEMES*** | ***PARTICIPANTS' RESPONSES*** | ***SUMMARY OF RESPONSE*** |
|---|---|---|
| **Pag-aangkop sa rehiyonal na baryasyon ng senyas** | "iba-iba ang sign namin bawat region... may nagsabi, for communication lang naman, for communication purposes lang naman daw yung FSL." | Tumutukoy ito sa: Pag-aangkop sa rehiyonal na baryasyon ng senyas. |
| **Pagpapalawak ng visual at konkretong materyales** | "Sa kanila kasi sa deaf kailangan ang visual aids mo maraming picture para mas maintindihan nila yung mga lesson... hindi lang sa sign language dapat may mga iba-iba kaming materials na gagamitin." | Tumutukoy ito sa: Pagpapalawak ng visual at konkretong materyales. |
| **Paggamit ng aktuwal na demonstrasyon at pag-arte sa pagtuturo** | "More on action po ako, lalo kapag exam... diba kapag exam babasahin mo sya, number 1 tas yung choices? (Opo..) hindi pwede isa lang, dalawa dapat, tatlo tapos more on action kasi kapag doon maiintindihan nila... kaya po... lalo pang nakahirap pa yang FSL para sa akin... dumagdag pa siya." | Tumutukoy ito sa: Paggamit ng aktuwal na demonstrasyon at pag-arte sa pagtuturo. |

| | | |
|---|---|---|
| **Muling pagkatuto sa nagbabagong kahulugan ng mga senyas** | "Kailangan naming mag adjust ulit... aralin kung ano yung idinagdag nila... kung ano yung mga sign na pinalitan nila ng meaning although same sign. Binago nila ang meaning pero same sign or kaya naman naggawa talaga sila ng ibang sign... so yon inaaral namin 'yon, so yun ang naging adjustement namin dito, naging pagbabago namin sa way ng pagtuturo namin." | Tumutukoy ito sa: Muling pagkatuto sa nagbabagong kahulugan ng mga senyas. |
| **Paglipat mula SEE tungo sa mas natural na estruktura ng FSL** | "Dati kasi ginagawa namin ay SEE o Sign Exact English pero dahil sa FSL Law... kailangan ang gamitin namin sa pag ahh... pag iinterpret sa mga bata ay FSL which is, kadalasan namang ginagamit ng mga bata kapag nakikipag-communicate sila, dahil sa FSL mababago yon." | Tumutukoy ito sa: Paglipat mula SEE tungo sa mas natural na estruktura ng FSL. |
| **Pagbabaybay sa bokabularyong walang tiyak na katumbas na senyas** | "Yung mga vocabs natin, hindi naman po lahat eh mayroon yang translation into FSL so, ang magyayari nyan laging spelling." | Tumutukoy ito sa: Pagbabaybay sa bokabularyong walang tiyak na katumbas na senyas. |
| **Visual-first at FSL-bilang-L1 na pagtuturo** | "Pedagogy has shifted toward high visual, contextual, and scaffolding teaching strategies. This includes using visual Aids, demonstrating tasks, and fostering on auditory input. You know Deaf teachers expected to collaborate with deaf consultants and FSL specialists to ensure cultural relevance, linguistic accuracy, and to adopt deaf-aware teaching practices. But I want to workshop for Orientation a Deped "Deaf Teacher" FSL for the teachers and students." | Tumutukoy ito sa: Visual-first at FSL-bilang-L1 na pagtuturo. |

Ipinahihiwatig ng mga tugon sa talahanayang ito na ang pagpapatupad ng FSL ay nagbunsod ng makabuluhang pagbabago sa pamamaraan ng pagtuturo ng mga guro. Kinailangan nilang magdagdag ng mga biswal na materyales, gumamit ng aktuwal na demonstrasyon, muling aralin ang mga nagbagong kahulugan ng senyas, at iangkop ang kanilang dating paggamit ng SEE, Love Sign, o ASL tungo sa mas natural na estruktura ng FSL. Ipinakikita nito na ang pagtuturo gamit ang FSL ay nangangailangan ng mas mataas na antas ng pedagogical flexibility at tuloy-tuloy na pagkatuto.

Ang pangangailangang magbago ng estratehiya, materyales, at paraan ng pagpapaliwanag ay maituturing na anyo ng problem-focused coping. Ayon kina Lazarus at Folkman (1984), ang problem-focused coping ay nakatuon sa aktwal na pagresolba ng suliranin. Ito ay kaayon ng obserbasyon ni Mendoza (2022) na ang mga guro sa SNED ay nagmomodipika ng kanilang mga gawain upang makaangkop sa sitwasyon, at ng pag-aaral ni Oliveira et al. (2021) na nagsasabing ang adaptive coping at differentiation strategies ay mahalaga.

**TALAHANAYAN 4**

ANG PAGLAGONG PROPESYUNAL NG MGA GURO SA SNED

**Super-ordinate Theme: Pag-aangkop at pagbabagong propesyonal ng guro sa implementasyon ng FSL**

| *SUB-ORDINATE THEMES* | *PARTICIPANTS' RESPONSES* | *SUMMARY OF RESPONSE* |
|---|---|---|
| **Incremental na pedagogical adjustment habang nagbabago ang senyas** | "Naguunti-unti naman kami sir… naguunti-unti… kasi talaga yung ano, yung ano ng Love Sign po talaga na ginagamit naming, iyon din naman po ang ginagamit for FSL." | Tumutukoy ito sa: Incremental na pedagogical adjustment habang nagbabago ang senyas. |
| **Pagiging bukas sa bagong pagkatuto at kasanayan sa FSL** | "Mas naging bukas po kaming matuto. Ang natutunan namin noong college kami hanggang sa ngayon ay ASL ang sign language… ngayon po habang unti-unti'y natututo ako ng FSL doon sa training na pinapasukan ko, mas naging bukas ang isip para maturuan ng maayos ang mga bata at mas matutunan din nila yung FSL." | Tumutukoy ito sa: Pagiging bukas sa bagong pagkatuto at kasanayan sa FSL. |
| **Hindi pagtutugma ng implementasyon sa iba't ibang baitang** | "May deaf na teacher sa high school… ang na adapt ni deaf na teacher, FSL na… magkaiba na… kasi ang ginamit na FSL na …eh yung turo namin ASL. Kung sa akin naman po madali naman pong i-adapt kung mayroon nga po kaming training." | Tumutukoy ito sa: Hindi pagtutugma ng implementasyon sa iba't ibang baitang. |
| **Hindi pagtutugma ng implementasyon sa iba't ibang baitang** | "May deaf na teacher sa high school… ang na adapt ni deaf na teacher, FSL na… magkaiba na… kasi ang ginamit na FSL na …eh yung turo namin ASL. Kung sa akin naman po madali naman pong i-adapt kung mayroon nga po kaming training." | Tumutukoy ito sa: Hindi pagtutugma ng implementasyon sa iba't ibang baitang. |
| **Patuloy na pag-aangkop habang umuunlad ang wika** | "Ina-adapt naman namin sya, pag natutunan naman namin yung sign at ginagamit namin sa mga bata so… habang ang mga bata nag a-adjust kami, nakakapag adjust din." | Tumutukoy ito sa: Patuloy na pag-aangkop habang umuunlad ang wika. |
| **Sariling inisyatiba at gastos para sa paglinang ng FSL competence** | "Noong pangalawang taon ko bigla na lang lumabas yang FSL Law so, panibagong pag-aaral ulit ako. Kasi, pag nagturo ka kasi hindi… syempre katulad nga ng sabi nila, hindi mo naman kayang ibigay ang wala ka. Napilitan akong mag enroll ng… FSL sa mga private ahh… teaching or learning center gamit ang sarili kong pera, nag enroll ako para matuto kasi kailangan ko, yun yung unang naka apekto na… financially." | Tumutukoy ito sa: Sariling inisyatiba at gastos para sa paglinang ng FSL competence. |
| **Paglawak ng papel ng guro at pangangailangan ng matinding pasensya** | Ganun sila so, kaya mahirap… mahirap silang intindihin in a way na, sa everyday na conversation namin kaya kailangan talaga sir, patience. Napaka habang… napaka habang… magbabaon ka talaga nyan." | Tumutukoy ito sa: Paglawak ng papel ng guro at pangangailangan ng matinding pasensya. |
| **Mula instruktor tungo sa inklusibong facilitator ng pagkatuto** | "The FSL, fundamental shifts your roles from a traditional instructor to an inclusive Facilitator. While the law mandates FSL as the medium of instruction for deaf learners, the significant structural challenges." | Tumutukoy ito sa: Mula instruktor tungo sa inklusibong facilitator ng pagkatuto. |

Makikita sa talahanayang ito na ang implementasyon ng FSL ay hindi lamang nakaapekto sa paraan ng pagtuturo kundi maging sa pagkatao at propesyonal na pagtingin ng mga guro sa kanilang tungkulin. Habang may mga nakaranas ng pagod, pressure, at hirap sa pag-aadjust, lumitaw din ang pagiging bukas sa bagong kaalaman, paglawak ng pasensya, at paghubog ng kanilang papel bilang mas inklusibong tagapagpadaloy ng pagkatuto. Sa kabuuan, ipinapakita ng tema na ang FSL ay naging daan ng propesyonal na pagbabago at paglago.

Ang interpretasyon ay iniuugnay sa pag-unlad ng propesyonal na identidad at kakayahang maniwala sa sariling kakayanan. Ayon kay Bandura (1977), lumalakas ang self-efficacy habang tumataas ang mastery at karanasan. Sinusuportahan ito ng PMC (2021), na nag-ulat na ang mataas na self-efficacy ay proteksiyon laban sa emotional exhaustion. Dagdag pa rito, ipinakita nina Gallarde Jr. et al. (2024) at Park at Shin (2024) na

bagama't hamon ang pagiging SPED teacher, ang resilience at positibong pagtingin sa tungkulin ay nagdudulot ng paglago at propesyonal na katatagan.

Ang interpretasyon ay iniuugnay sa pag-unlad ng propesyonal na identidad at kakayahang maniwala sa sariling kakayanan. Ayon kay Bandura (1977), lumalakas ang self-efficacy habang tumataas ang mastery at karanasan. Sinusuportahan ito ng PMC (2021), na nag-ulat na ang mataas na self-efficacy ay proteksiyon laban sa emotional exhaustion. Dagdag pa rito, ipinakita nina Gallarde Jr. et al. (2024) at Park at Shin (2024) na bagama't hamon ang pagiging SPED teacher, ang resilience at positibong pagtingin sa tungkulin ay nagdudulot ng paglago at propesyonal na katatagan.

**TALAHANAYAN 5**

ANG PAGLALARAWAN SA MGA ESTRATEHIYANG GINAGAMIT NG MGA GURO SA SNED

**Super-ordinate Theme: Estratehiyang biswal at learner-centered sa pagtuturo gamit ang FSL**

| ***SUB-ORDINATE THEMES*** | ***PARTICIPANTS' RESPONSES*** | ***SUMMARY OF RESPONSE*** |
|---|---|---|
| **Pokus sa bokabularyo at interpretasyon para sa inclusion** | "Nag pokus kami sa academics ng mga bata... kasi yung mga bata namin from grade 4 to grade 6 ay nasa GenEd na, lahat po iyon ay thru sign language, sina ma'am Eloisa at ma'am Lyka pumupunta po sila sa GenEd para mag interpret. | Tumutukoy ito sa: Pokus sa bokabularyo at interpretasyon para sa inclusion. |
| **Paggamit ng larawan, kilos, at baybay ng salita** | "Wala pa silang alam, local sign pa talaga, kaya kailanagan pag nagturo ka po ng mga word or gamit kailangan may katabi ka ring picture para ituturo mo yung word... ipapa-spell mo... ipapakita mo, para mas maunawaan." | Tumutukoy ito sa: Paggamit ng larawan, kilos, at baybay ng salita. |
| **Actual scenario at demonstratibong pagtuturo** | "Oo, more on visuals po saka yung actual po talaga... actual scenario po. Yun talaga dapat ang gagawin." | Tumutukoy ito sa: Actual scenario at demonstratibong pagtuturo. |
| **Integrasyon ng FSL sa mismong daloy ng aralin** | Ahh... siguro mas nagiging madali sa kanila since, yung FSL ay naka integrate na din sa kanilang mga lesson. So, mas... madali nilang natutunan yung yung ibang mga lesson na ginagamitan namin nitong FSL na 'to." | Tumutukoy ito sa: Integrasyon ng FSL sa mismong daloy ng aralin. |
| **Integrasyon ng FSL sa mismong daloy ng aralin** | Ahh... siguro mas nagiging madali sa kanila since, yung FSL ay naka integrate na din sa kanilang mga lesson. So, mas... madali nilang natutunan yung yung ibang mga lesson na ginagamitan namin nitong FSL na 'to." | Tumutukoy ito sa: Integrasyon ng FSL sa mismong daloy ng aralin. |
| **Pagpili ng wikang higit na nauunawaan ng mag-aaral** | "Kung mas naiintindihan nila yung konsepto ng itinuturo mo gamit ang FSL, edi yung FSL ang gagamitin mo. Iyon ang pinaka maganda, iyon yung the best kasi doon sila natututo although, dahil nga may Law may batas, unti-untiin mo nalang so ganon yung nakikita ko pong pagbabago sa strategy." | Tumutukoy ito sa: Pagpili ng wikang higit na nauunawaan ng mag-aaral. |
| **Paggamit ng PowerPoint, materyales, at subtitles** | "Pag meron kang powerpoint presentation it is not enough na visual lang dapat mayroon kang mga subtitles, sir. Para atleast kung hindi man nila masyadong makuha yung video, you have subtitles for them to understand the lesson." | Tumutukoy ito s Paggamit ng PowerPoin materyales, at subtitles. |

| | | |
|---|---|---|
| **Bilingual-bicultural at visual-first na lapit** | "Effective teaching strategies for children using Filipino Sign Language (FSL) center on a visual-first, bilingual-bicultural approach. Because FSL is the natural language of the Filipino Deaf Community, successful pedagogy treats it as the primary medium of instruction while supporting the acquisition of written Filipino and English." | Tumutukoy ito sa: bilingua bicultural at visual-first n lapit. |

Ang talahanayang ito ay nagpapakita na ang pinakamabisang estratehiya sa pagtuturo gamit ang FSL ay yaong nakasentro sa biswal, konkretong karanasan, at aktuwal na pangangailangan ng mag-aaral. Kabilang dito ang paggamit ng larawan, kilos, demonstrasyon, bokabularyong unti-unting pinalalawak, PowerPoint, subtitles, at iba pang scaffolded materials. Ipinahihiwatig nito na ang epektibong pagtuturo sa mga batang gumagamit ng FSL ay nakabatay sa learner-centered at visual-first na lapit, hindi lamang sa simpleng pagsesenyas.

Ang paggamit ng larawan, aktuwal na demonstrasyon, bokabularyong sunod-sunod, at iba pang biswal na materyales ay nagpapatibay sa learner-centered na lapit sa pagtuturo. Ipinakita sa talakayan hinggil sa School of Deaf Education and Applied Studies (n.d.) na mahalaga ang komportable, inklusibo, at makabuluhang learning environment na nagbibigay ng sapat na indibidwal na suporta sa mga bata. Samantala, pinagtibay ni Oliveira et al. (2021) na ang differentiation at professional adaptation ay mahalaga sa epektibong pagtuturo sa mga learners na may espesyal na pangangailangan.

**TALAHANAYAN 6**

ANG EPEKTO NG PAGGAMIT NG FSL SA MGA MAG-AARAL

Ipinakikita ng talahanayang ito na ang paggamit ng FSL ay may positibong ambag sa pagbuo ng tiwala, pagiging bukas, at pakikilahok ng mga mag-aaral sa loob ng klase. Sa pamamagitan ng wikang mas natural at komportable sa kanila, nagiging mas malapit ang guro at mag-aaral at mas tumitibay ang kanilang komunikasyon. Gayunman, lumitaw rin na sa ilang kaso, ang transisyon mula sa dating sign system tungo sa FSL ay nagdulot muna ng pagkalito, kaya ipinapakita ng tema na ang positibong epekto ng FSL ay nararanasan nang mas ganap kapag may sapat na panahon at suporta sa pag-aangkop.

**Super-ordinate Theme: Pinahusay na komunikasyon, ugnayan, at partisipasyon ng mag-aaral**

| *SUB-ORDINATE THEMES* | *PARTICIPANTS' RESPONSES* | *SUMMARY OF RESPONSE* |
|---|---|---|
| **Mas bukas na pakikipag-usap at tiwala ng mga bata** | Malaking tulong ang paggamit ng Filipino Sign Language sa pagbuo ng matibay na relasyon ko sa aking mga learners. Kapag ginagamit ko yung words na mas komportable at mas natural para sa kanila... mas nararamdaman nilang naiintindihan sila." | Tumutukoy ito sa: Mas bukas na pakikipag-usap at tiwala ng mga bata. |
| **Transisyunal na pagkalito na humahadlang sa partisipasyon** | Medyo na ano po sila, na hirapan. Lalo na yung iba na hindi naman talaga sila ano sa FSL hindi nila alam. Medyo nahirapan po sila kasi nagtatanong sila." | Tumutukoy ito sa: Transisyunal na pagkalito na humahadlang sa partisipasyon. |
| **Paunang limitadong epekto habang binubuo ang pundasyon** | "Siguro po ang isang ano na, nakakapagpapapahirap pa sakin ay,pag nasa lower grade ka, tagalog ang mga subjects, yun na ang mahirap doon pero ngayon sir kasi wala naman. Wala siya masyadong epekto kasi bago pa lang sila bumubuo ng foundation." | Tumutukoy ito sa: Paunang limitadong epekto habang binubuo ang pundasyon. |

**Journal of Multidisciplinary in Education** | **ISSN print 3082-5024 e-3082-5237**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP** | Volume 2 |Issue 2| June 20, 2026

**"Emerging Trends and Challenges in Multidisciplinary Education"**

| | | |
|---|---|---|
| **Minimal na pagbabago sa ugnayan at pakikilahok** | "The same din naman eh, kung paano namin ginagamit yung Love Sign ganoon din namin ginagamit 'tong FSL. So, sa pagkatuto ng mga bata it's the same parin." | Tumutukoy ito Minimal na pagbabag ugnayan at pakikilah |
| **Mas malalim na pag-uunawaan sa pamamagitan ng FSL** | so usually yung FSL ginagamit nila sa communication. Mas nababasa mo yung sign nila, kumpara noon. Iyon, yun yung nakikita kong nagbago, mas naging maganda yung relasyon namin dahil mas naiintidihan ko na sila ngayon, mas naiintindihan na din nila ako." | Tumutukoy ito sa: Mas malalim na pag-uunawaan sa pamamagitan ng FSL. |
| **Pagpapalawak ng belongingness sa Deaf community** | "Sa akin ngayon sir, napakalaking bagay nya, kasi ito yung ginagamit ko para makapasok ako sa community nila, so you will feel the sense of belongingness once you know the Filipino Sign Language. Yun po sir." | Tumutukoy ito sa: Pagpapalawak ng belongingness sa Deaf community. |
| **Pagbasag sa teacher-student barrier tungo sa mutwal na tiwala** | "I using FSL, because is a game - charger for building trust and closeness. When I use FSL, students see that I'm meeting them in their own linguistic and cultural space, which instantly break down the "teacher vs students". It creates a sense of mutual respect because I'm valuing their primary identity." | Tumutukoy ito sa: Pagbasag sa teacher-student barrier tungo sa mutwal na tiwala. |

Ipinakikita ng talahanayang ito na ang paggamit ng FSL ay may positibong ambag sa pagbuo ng tiwala, pagiging bukas, at pakikilahok ng mga mag-aaral sa loob ng klase. Sa pamamagitan ng wikang mas natural at komportable sa kanila, nagiging mas malapit ang guro at mag-aaral at mas tumitibay ang kanilang komunikasyon. Gayunman, lumitaw rin na sa ilang kaso, ang transisyon mula sa dating sign system tungo sa FSL ay nagdulot muna ng pagkalito, kaya ipinapakita ng tema na ang positibong epekto ng FSL ay nararanasan nang mas ganap kapag may sapat na panahon at suporta sa pag-aangkop.

Malinaw na itinatakda ng RA 11106 na ang FSL ay mahalagang midyum ng komunikasyon at edukasyon para sa Deaf learners. Sa Kabanata II, binigyang-diin din ng Philippine Federation of the Deaf (n.d.) na ang FSL ay bahagi ng identidad at kultura ng Deaf community. Dahil dito, makatuwirang lumalim ang ugnayan, tiwala, at partisipasyon ng mga mag-aaral kapag ang gurong gumagamit ng FSL ay mas nagiging wasto at sensitibo sa kanilang natural na paraan ng pakikipagkomunikasyon.

**TALAHANAYAN 7**

ANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO PARA SA IBA'T IBANG PANGANGAILANGAN

| **Super-ordinate Theme: Differentiated at Flexible na Pag-aangkop sa Pagtuturo** | | |
|---|---|---|
| ***SUB-ORDINATE THEMES*** | ***PARTICIPANTS' RESPONSES*** | ***SUMMARY OF RESPONSE*** |
| **Pagtuturo ng basic language para sa gamit sa bahay at araw-araw** | "Ang inaano lang namin sir ay ano eh... yung mga ... yung mga basics... basics ng language na magagamit nila sa bahay, magagamit sa communication sa parents." | Tumutukoy ito sa: Pagtuturo ng basic language para sa gamit sa bahay at araw-araw. |
| **Pagtutok sa kahinaan bago mag-advance ng aralin** | Kung ano po yung nakikita namin na talagang needs ng bata o kaya ay kung saan sila mahina, doon talaga kami mas nagpopokus kasi hindi naman po sila kagaya ng GenEd class." | Tumutukoy ito sa: Pagtutok sa kahinaan bago mag-advance ng aralin. |
| **Paghahanap ng mas payak at angkop na materyal** | "Sa ngayon po ayon lang po, kasi po kulang din naman kami sa resources e, edi ang katulong ko po lagi ay si youtube, si google para po mas ma halimbawa po kung ito lang yung nasa module, kailangan ko siyang mas hanapan pa ng angkop, mas mababaw." | Tumutukoy ito sa: Paghahanap ng mas payak at angkop na materyal. |
| **Parehong layunin ngunit pinalitan ang wikang gamit** | Kumbaga pinaltan mo lang instead na Love Sign ang ginagamit mo ngayon sa pagtuturo ay ang FSL so, kung ano man yung output mo, before is the same parin ng output mo ngayon kasi, it's just a language that you used." | Tumutukoy ito sa: Parehong layunin ngunit pinalitan ang wikang gamit. |

| | | |
|---|---|---|
| **Simultaneous communication gamit ang sign, larawan, salita, at video** | Ibigsabihin nag s-sign ka, may picture dyan, may sentences dyan kasi mababasa nila eh kung English yan, maiintindihan nila so kung halimbawa may ituturo kang concept kailangan... ituro mo sa kanila yung sign, yung spelling and yung meaning nung words, kung may picture much better, navi-visualize na natin." | Tumutukoy ito sa: Simultaneous communication gamit ang sign, larawan, salita, at video. |
| **Pagkakaiba-iba ng output ayon sa lakas ng mag-aaral** | "Yun nga lang magkakaiba parin ang level of learning nila. so, ibigsabihin itong part na 'to... itong gagamitin mo approach. ito naman... magkakaiba pa rin sir, in a way. | Tumutukoy ito sa: Pagkakaiba-iba ng output ayon sa lakas ng mag-aaral. |
| **Real-time formative adjustment at flexible grouping** | "Using differentiate instruction and real-time, formative assessment to tailor content, process, and product to individual student needs. Teacher can adjust by using varied Instructional methods (visual, hand-on, auditory), scaffolding tasks, utilizing flexible grouping, and offering choice in assessment formats to ensure all learners can access the curriculum." | Tumutukoy ito sa: Real-time formative adjustment at flexible grouping. |

Makikita sa talahanayang ito na ang mga guro ay gumagamit ng iba't ibang paraan upang maiangkop ang pagtuturo sa magkakaibang pangangailangan ng mga mag-aaral. Kabilang dito ang pagtutok sa basic language para sa pang-araw-araw na gamit, pagtuon muna sa kahinaan ng bata bago mag-advance ng aralin, paggamit ng payak at angkop na materyales, at pagbibigay ng magkakaibang output ayon sa kakayahan ng bawat mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang differentiated instruction ay mahalagang coping strategy at pedagogical response sa konteksto ng SNED-FSL.

Ang iba't ibang pag-aangkop na ginawa ng mga guro ay malinaw na anyo ng problem-focused coping, kung saan inaangkop ng guro ang kanyang estratehiya ayon sa suliranin at kakayahan ng mag-aaral. Ipinakita ni Oliveira et al. (2021) na ang differentiation strategies at patuloy na professional development ay kritikal sa adaptive coping ng mga guro sa SNED. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Niadas et al. (2025) na mahalagang iayon ang pagtuturo sa social at adaptive skills ng mga mag-aaral, bagay na nangangailangan ng mataas na antas ng flexibility sa pagtuturo.

**TALAHANAYAN 8**

ANG PAG-AALINLANGAN, PAGKAPAGOD AT PAG-USAD NG SNED TEACHERS

**Super-ordinate Theme: Pag-aalinlangan, pagkapagod, at unti-unting pag-unlad sa kakayahan**

| ***SUB-ORDINATE THEMES*** | ***PARTICIPANTS' RESPONSES*** | ***SUMMARY OF RESPONSE*** |
|---|---|---|
| **Pagod dahil sa kakulangan ng seminar at dagdag na gawain** | "Kulang na kulang talaga kami sa kaalaman, syempre napapagod na yung mga kasamahan naming, hindi na sila ano sa FSL eh.. parang dagdag na pasanin pa yung... magtuturo pa kami ng sign language... syempre hirap na hirap na nga ang mga guro sa pagtuturo ng mga bata tapos dadagdagan pa namin ng another task." | Tumutukoy ito sa: Pagod at kakulangan ng seminar at dagdag na gawain. |
| **Pag-aalinlangan at burnout tungo sa muling kumpiyansa** | minsan nare-remind ka rin sa mga sign nalimutan na namin. Ngayon habang tumatagal, mas nagiging confident po... lalo na ngayon na kaya tinanggap ko yung scholar para mas maging confident nga po sa pagsesenyas kasi nag-iinterpret kami doon sa Gen. Ed class." | Tumutukoy ito sa: Pag-aalinlangan at burnout tungo sa muling kumpiyansa. |

| | | |
|---|---|---|
| **Self-doubt dahil sa mabagal na progreso at kulang na training** | Doon po tayo sa pag-aalinlangan, opo, nagkaka- nakakaramdam po ako non kapagka lalo't nakikita ko na parang walang progress ang bata. Kaya po yung buong katawan, pagkatao ko ay gamit na gamit. Kasi nga po yung training, seminar, kulang. Ang laki po ng kulang, kaya hindi siya mapunuan." | Tumutukoy ito sa: Self-doubt dahil sa mabagal na progreso at kulang na training. |
| **Mabagal na memorisasyon ngunit nagpapatuloy sa seminar** | "Pagnagtuturo kami nahahalo pari namin yung ibang sign na ginagamit namin before although talaga namang ang FSL is based parin naman sya sa Love Sign, mas marami parin namang mga sign ng FSL na Love Sign parin so, medyo nahirapan lang kami noong una, medyo nag adjust ng konti kasi kailangan mong alalahanin ano nga bang sign sa FSL ng ganito na word. Kailangan namin mag memorize which is medyo mahirap na sa age namin." | Tumutukoy ito sa: Mabagal na memorisasyon ngunit nagpapatuloy sa seminar. |
| **Zero experience ngunit may inisyatiba at pag-unlad** | Hindi ako marunong talagang mag sign, wala akong experience na makipag-usap sa deaf, dito lang Talaga. Kailangan mong mag adjust, yon. Hindi pwedeng hindi ka matuto dahil ikaw ang magtuturo so, nagkaroon ka ng initiative na... kung hindi ko matutunan dito, gagawa ako ng way na matutunan sya sa ibang pagkakataon o pamamaraan yun nga lang, may kaakibat na sariling bulsa ang gastos. | Tumutukoy ito sa: Zero experience ngunit may inisyatiba at pag-unlad. |
| **Frustration sa lawak ng FSL at sa hinihingi ng kurikulum** | "Nakaka frustrate parin, sa basic lang na alam mo hindi ka magkaroon ng maganda talaga sir na communication among your students, tsaka iba rin dapat ang curriculum sir kasi ang ina-adapt nating curriculum same sa regular, na dapat ay hindi." | Tumutukoy ito sa: Frustration sa lawak ng FSL at sa hinihingi ng kurikulum. |
| **Constant pressure at isolation sa kontekstong mababa ang suporta** | The experience is frequently characteristic by a "constant pressure " due to high demand, limited resources, and the need for high-level language proficiency, often leading to feeling of isolation. | Tumutukoy ito sa: Constant pressure at isolation sa kontekstong mababa ang suporta. |

Ipinapakita ng talahanayang ito na hindi maiiwasan sa karanasan ng mga guro ang pagdama ng pag-aalinlangan, pagkapagod, frustration, at self-doubt habang ginagamit ang FSL sa pagtuturo. Ang kakulangan sa seminar, limitadong resources, lawak ng FSL, at bigat ng kurikulum ay malinaw na mga salik na nagpapahirap sa kanilang gawain. Gayunpaman, lumilitaw din sa mga salaysay na sa pagdaan ng panahon, sa tulong ng training, karanasan, at personal na inisyatiba, unti-unti ring nabubuo ang kumpiyansa at pag-unlad sa kanilang kakayahan bilang guro.

Ang naranasang self-doubt, pagkapagod, at frustration ay maaaring maipaliwanag sa lente ng self-efficacy at resilience. Ayon kay Bandura (1977), ang paniniwala sa sariling kakayahan ay mahalaga sa pagharap sa mahirap na gawain. Ito ay pinagtibay ng PMC (2021), na nagpapakitang ang mas mataas na self-efficacy ay nakababawas sa emotional exhaustion. Kaugnay nito, ipinakita ni Cuadra (2023) na ang personal at pamilyal na responsibilidad ay nagpapalala ng pisikal at mental na pagod ng SPED teachers, habang binigyang-diin nina Espeño et al. (2024) na ang kakulangan sa training at suporta ay nagpapahirap sa guro na maging ganap na handa.

**Journal of Multidisciplinary in Education | ISSN print 3082-5024 e-3082-5237**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP |** Volume 2 |Issue 2| June 20, 2026

**"Emerging Trends and Challenges in Multidisciplinary Education"**

### TALAHANAYAN 9

### ANG COPING MECHANISMS UPANG MALAMPASAN ANG MGA HAMON

**Super-ordinate Theme: Emosyonal at adaptibong pagharap sa mga hamon ng pagtuturo ng FSL**

| *SUB-ORDINATE THEMES* | *PARTICIPANTS' RESPONSES* | *SUMMARY OF RESPONSE* |
|---|---|---|
| **Pagsabay sa agos at situational flexibility** | "Go to the flow na lang... go to the flow na lang kami sir." | Tumutukoy ito sa: Pagsabay sa agos at situational flexibility. |
| **Pagsasanay at pakikipag-ugnayan sa Deaf community** | Nakakatuwa nga po yon kasi nabigyan ako ng opportunity doon sa scholar, mas nagiging confident ako sa pakikipag-usap sa deaf para mas maging strong yung FSL na natutunan sa training. | Tumutukoy ito sa: Pagsasanay at pakikipag-ugnayan sa Deaf community. |
| **Paghugot sa katrabaho at malasakit sa bata** | "Kaya sa ka-guro po ako humuhugot na rin siguro ng lakas, pero ang mga bata naman po, kahit napapagalitan ko, kahit halimbawa parang nagalit ako ngayon, gagawa pa rin naman ako ng paraan para hindi sila yung umuwi yung takot sakin." | Tumutukoy ito sa: Paghugot sa katrabaho at malasakit sa bata. |
| **Pananatiling kalmado habang gumagamit ng pamilyar na senyas** | "Parang wala... hindi naman ako ano... hindi naman ako actually masyadong stressed dito okay lang naman din, hindi naman ganon kahirap. Mayroon lang mga, nagbago pero hindi naman lahat." | Tumutukoy ito sa: Pananatiling kalmado habang gumagamit ng pamilyar na senyas. |
| **Pagbabalik sa layunin at kapakanan ng mga bata** | "Ano kasi, binabalikan mo lang talaga yung bakit ka ba nag aral mag FSL. Syempre para sa mga bata kasi, iba yung fulfillment as a teacher. Iyon naman ang fulfillment natin, yung itinuro mo, makuha ng bata, ma-absorb ng bata, magamit ng bata." | Tumutukoy ito sa: Pagbabalik sa layunin at kapakanan ng mga bata. |
| **Pag-eenjoy sa paglinang ng kakayahan bilang positibong reappraisal** | Skills kasi rin ang na dedevelop, yung mayroon kang sign langugae na alam you we're able to communicate with them. It's a fulfillment. Yung skill na yon, sa kabila ng pagod mo, na e-enjoy ka, another skill na nadedevelop. Napakalaking dagdag niyan sa akin sir." | Tumutukoy ito sa: Pag-eenjoy sa paglinang ng kakayahan bilang positibong reappraisal. |
| **Pagkilala sa occupational stress at pangangailangan ng coping** | "Teaching Filipino Sign Language (FSL) present unique stressor, ranging from the physical demands of repetitive signing to the emotional toll of ensuring communication according deaf students. Research and practitioners insights highlight several effective coping mechanisms used by FSL and special education teachers in the Philippines." | Tumutukoy ito sa: Pagkilala sa occupational stress at pangangailangan ng coping. |

Makikita sa talahanayang ito na ang mga guro ay gumagamit ng iba't ibang coping mechanisms upang mapangasiwaan ang stress sa pagtuturo gamit ang FSL. Kabilang dito ang pagsabay sa sitwasyon, patuloy na pagsasanay, pakikipag-ugnayan sa Deaf community, paghugot ng lakas mula sa mga katrabaho, at pagbabalik sa layunin ng pagtuturo para sa kapakanan ng mga bata. Ipinahihiwatig ng tema na ang pagharap ng mga guro sa hamon ay hindi lamang teknikal kundi emosyonal din, at mahalaga rito ang parehong personal at panlipunang suporta.

Batay sa teorya nina Lazarus at Folkman (1984) lumitaw ang problem-focused, emotion-focused, at adaptive coping sa mga salaysay ng kalahok. Kaayon

**Journal of Multidisciplinary in Education** | **ISSN print 3082-5024 e-3082-5237**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP** | Volume 2 |Issue 2| June 20, 2026



nito, ipinakita nina Brunsting et al. (2020) ang kahalagahan ng social support at peer collaboration, nina Hastings at Brown (2020) ang papel ng emotion-focused strategies gaya ng mindfulness at reflection, nina Oliveira et al. (2021) ang bisa ng adaptive coping at professional development, at nina Weiss et al. (2022) ang papel ng proactive coping at work–life balance sa pagpapatatag ng mga guro.

**TALAHANAYAN 10**

ANG MGA SALIK NA PINANGGAGALINGAN NG LAKAS

**Super-ordinate Theme: Mga pinagmumulan ng lakas, bokasyon, at fulfillment sa pagtuturo**

| SUB-ORDINATE THEMES | PARTICIPANTS' RESPONSES | SUMMARY OF RESPONSE |
|---|---|---|
| Pagkatuto ng mga bata bilang pangunahing pinagmumulan ng lakas | "Ang ano naman talaga naman natin diba kaya tayo naging isang guro para matuto yung mga bata. Yun talaga ang pinakaano natin. Para sa mga bata talaga, para matuto." | Tumutukoy ito sa: Pagkatuto ng mga bata bilang pangunahing pinagmumulan ng lakas. |
| Munting tagumpay ng mag-aaral bilang inspirasyon | "Syempre po as a teacher, bata. Bata talaga kasi once na nakita mo ang bata na kahit kaunti mayroong achievement, mapapangiti ka na, yung worth it yung pagod mo tsaka yung puyat." | Tumutukoy ito sa: Munting tagumpay ng mag-aaral bilang inspirasyon. |
| Pamilya, bokasyon, at pananampalataya bilang sandigan | "Syempre po unang-una ay yung mga anak ko. Tas isa po doon is yung God's calling po. Kaya siguro talaga ako nandito ay para sa mga bata po." | Tumutukoy ito sa: Pamilya, bokasyon, at pananampalataya bilang sandigan. |
| Pagmamalasakit sa batang may pangangailangan bilang bokasyon | "Kailangan ng mga bata ng tulong. Kailangan nila ng magtuturo sa kanila So, noong time na yon na ino-offer sa akin although... alam kong mahihirapan ako pero, nangibabaw sa akin yung naaawa ako sa mga bata na hindi sila matuto. Hindi nila maituloy yung pag-aaral nila... wala silang matapos kundi elementary lang so, tinanggap ko narin dito." | Tumutukoy ito sa: Pagmamalasakit sa batang may pangangailangan bilang bokasyon. |
| Passion, koneksyon, at suportang network bilang proteksiyon | "For teacher working with students with Special Educational and Disabilities (SNED) teacher, strength and perseverance are typically derived from a combination of intrinsic passion, meaningful student connections, and collaboration support networks. These educator often thrive on the "light bulb moment" and the ability to see the "individual in the disability", finding deep purpose in empowering students who face significant challenges." | Tumutukoy ito sa: Passion, koneksyon, at suportang network bilang proteksiyon. |

Ipinakikita ng talahanayang ito na ang pangunahing pinanggagalingan ng lakas at pagtitiyaga ng mga guro ay ang kanilang mga mag-aaral mismo. Ang maliliit na tagumpay, pag-unlad, at pagkatuto ng mga bata ang nagsisilbing pinakamatibay na dahilan upang magpatuloy sila sa kabila ng pagod at kakulangan sa suporta. Lumitaw din ang pananampalataya, pamilya, bokasyon, at compassion bilang mga salik na nagpapatibay sa kanilang resilience at propesyonal na paninindigan.

Ang interpretasyon ay sinusuportahan ng pananaw ng positive psychology na ang hope, gratitude, purpose, at social support ay mahalagang protective factors laban sa burnout. Ayon kina Park at Shin (2024), ang resilience ng mga guro ay pinatitibay ng mga positibong emosyon at makahulugang pagtingin sa gawain. Kaayon nito, ipinakita nina Gallarde Jr. et al. (2024) na bagama't

mahirap at nakapapagod ang pagiging SPED teacher, nananatiling fulfilling ito kapag nakikita ng guro ang pag-unlad ng mag-aaral.

**TALAHANAYAN 11**

ANG SUPORTA MULA SA PAARALAN, PAMILYA, AT KOMUNIDAD

**Super-ordinate Theme: Kolaboratibong suporta bilang salalayan ng resilience ng guro**

| SUB-ORDINATE THEMES | PARTICIPANTS' RESPONSES | SUMMARY OF RESPONSES |
|---|---|---|
| **Programa sa sign language para sa guro at magulang** | "Mayroon naman kaming program sir ng ano... kaso nag-stop lang talaga. May program talaga kami ng... parang last last two years ata... nag-program kami sa mga teachers at sa mga parent ng sign language." | Tumutukoy ito sa: Programa sa sign language para sa guro at magulang. |
| **Training at parent tutoring bilang kolaboratibong suporta** | "Noon po nagtuturo kami sa parent... every friday ... inaano namin ang mga parent...pinapapunta namin dito kasama yung mga bata na yan... nagtuturo kami ng sign language... para hindi lang yung bata ang natututo pati yung magulang kasi gagamit din sila pag nasa bahay. paano nila kakausapin ang mga bata kung hindi rin sila marunong.. dapat pati magulang." | Tumutukoy ito sa: Training at parent tutoring bilang kolaboratibong suporta. |
| **Limitadong institusyonal na suporta ngunit mahalaga ang katrabaho** | Yung suporta po ng paaralan, meron naman, hindi lang ganoon siya kasapat. Sa pamilya yung sinabi ko po kanina. Yung sa komunidad naman po okay naman po, lalo na sa mga katrabaho. Malaking tulong pa rin po yung ganoon, lalo sa katrabaho po at sa school head naman po namin ay kahit papaano nagpapakita ng suporta, yung pangangailangan namin na gamit.para sa deaf. | Tumutukoy ito sa: Limitadong institusyonal na suporta ngunit mahalaga ang katrabaho. |
| **Pagpapahalaga at tulong ng magulang bilang moral na suporta** | Yung support ng paaralan... especially sa mga gamit ng mga bata, tapos yung mga magulang kapagka may mga project kami na kailangan ng financial ng mga bata, financial support ng mga bata. Mga magulang willing naman, nagbibigay naman sila and then yung moral support. | Tumutukoy ito sa: Pagpapahalaga at tulong ng magulang bilang moral na suporta. |
| **Espasyo, dagdag-guro, at Deaf awareness ng komunidad** | "Una sa school, ito nagbigyan kami ng space... sariling space, dati kasi isang buo yan, tapos lahat ng mga estudyante sama-sama from grade seven to ten. Ngayon nabigyan kami ng separation, naibigay... nabigyan ng isa pang teacher, tapos nadagdagan pa ng | Tumutukoy ito sa: Espasyo, dagdag-guro, at Deaf awareness ng komunidad. |
| **Stakeholder support laban sa diskriminasyon at exclusion** | "Ito kasi sir yung mga stakeholders natin. Napaka importante nila sir, unang-una yung school kasi kailangan po ng support ng school, ang Special Needs Education, kasi kung wala sir, as-in totally hindi mag m-move 'to, Sabi ko, "Mayroong ngang nasa abroad eh." Mayroon akong nakilala sir, bumisita dito. Nagtatrabaho sa abroad, oh pwede. | Tumutukoy ito sa: Stakeholder support laban sa diskriminasyon at exclusion. |
| **Communication, collaboration, at resources bilang salalayan** | Supporting system strengthen SNED teachers using Filipino Sign Language (FSL) because enhancing communication, fostering collaboration, and securing resources. School provide capacity-buliding and peer, support, families offer | Tumutukoy ito sa: Communication, collaboration, at resources bilang salalayan. |

Makikita sa talahanayang ito na ang resilience ng mga guro ay higit na napatatag kapag may suporta mula sa paaralan, mga magulang, stakeholders, at

komunidad. Mahalaga ang mga training, materyales, espasyo, parent tutoring, at pakikipagtulungan ng iba’t ibang sektor upang mapagaan ang gawain ng mga guro at mapalakas ang kanilang loob. Gayunman, ipinapakita rin ng ilang tugon na bagama’t mayroon nang suporta, ito ay madalas hindi pa sapat, kaya nananatiling mahalagang pangangailangan ang mas sistematiko at tuloy-tuloy na kolaborasyon.

Sinusuportahan ng mga pag-aaral ang interpretasyon na ang resilience ng guro ay hindi lamang personal na katangian kundi bunga rin ng ugnayan sa mga katrabaho, administrador, magulang, at komunidad. Ipinakita nina Brunsting et al. (2020) na mahalaga ang social support at peer collaboration upang maiwasan ang compassion fatigue. Pinagtibay naman ni Oliveira et al. (2021) ang halaga ng multidisciplinary collaboration, habang binigyang-diin nina Niadas et al. (2025) na ang kakulangan ng pakikipagtulungan ng magulang at paaralan ay hadlang sa mas epektibong pag-unlad ng mga mag-aaral.

**TALAHANAYAN 12**

ANG PAGHUBOG SA KARANASAN SA PAGTUTURO GAMIT ANG FSL

**Super-ordinate Theme: Paghubog ng propesyonal na identidad at self-efficacy bilang SNED teacher**

| SUB-ORDINATE THEMES | PARTICIPANTS' RESPONSES | SUMMARY OF RESPONSE |
|---|---|---|
| **Mahabang karanasan bilang batayan ng matatag na self-efficacy** | “Ilang taon na rin naman sa ano... bali parang... 13 years. 11 years na akong sign language teacher.” | Tumutukoy ito sa: Mahabang karanasan bilang batayan ng matatag na self-efficacy. |
| **Mas malawak at mas matibay na pananaw sa FSL teaching** | “Matibay at mas naging malawak yung isip namin tungkol sa pagtuturo ng FSL kasi yon talaga ngayon yung ginagamit ng mga deaf lalo na sa deaf community, karamihan po FSL na talaga yung ginagamit.” | Tumutukoy ito sa: Mas malawak at mas matibay na pananaw sa FSL teaching. |
| **Pagiging inclusive, patient, at lifelong learner** | “Hinubog ako ng pagtuturo gamit ang FSL para mas makita ko ang sarili ko bilang isang SNED teacher na hindi lamang nagtuturo ng lesson.... aralin sa mga learners... kasi sir... ano eh... dapat isinusulong ang inclusivity... dahil sa FSL... mas naging malinaw sa akin na mahalagang maabot ko ang aking mga mag-aaral sa wikang komportable sila.” | Tumutukoy ito sa: Pagiging inclusive, patient, at lifelong learner. |
| **Mas mabuting komunikasyon at paggabay sa kinabukasan ng bata** | “using this FSL, ngayon... malaking bagay narin kasi... yun nga yun ang ginagamit namin sa communication ngayon, which is na a-adapt narin naman na ng mga estudyante namin kaya... malaking bagay na rin sya na iyon na yung natututunan ng mga bata atleast, mayroon na tayong sariling language na... ginag... halimbawa sabihin na nating "atin", hindi hiniram". | Tumutukoy ito sa: Mas mabuting komunikasyon at paggabay sa kinabukasan ng bata. |
| **Pag-usbong ng compassion at passion sa propesyon** | “As a teacher parang mas na build yung compassion ko para sa mga students, kasi ang handle ko noon Senior High School, ang isip ko noon ahhh... you are preparing for college kaya kailangan ahhh... pag sinabing ito ang deadline, tapos na. Naturo na natin yan so, dapat ahh... you find ways kung hindi nyo na... na... absorb or may mga questions kayo, find ways | Tumutukoy ito sa: Pag-usbong ng compassion at passion sa propesyon. |

| | | |
|---|---|---|
| **Pagpapakumbaba, puso, at pamilyang ugnayan sa mga bata** | "Talagang kailangan, may puso ka dito, hindi basta turo-turo lang sir, kasi you have... you have to be with them, with your ahh... tawag dito... with your heart, with all your patience, tsaka bubuo ka ng... hindi lang klase, isang family sir. Malaking part sa puso ko ang SNED." | Tumutukoy ito sa: Pagpapakumbaba, puso, at pamilyang ugnayan sa mga bata. |
| **Mula instruktor tungo sa cultural-linguistic bridge** | SNED teacher's identity from a traditional instructor into a cultural and Linguist bridge. This experience shape professional view centered on advocacy, deep empathy, and specialized technical mastery. | Tumutukoy ito sa: Mula instruktor tungo sa cultural-linguistic bridge. |

Ipinahihiwatig ng talahanayang ito na ang karanasan sa pagtuturo gamit ang FSL ay humubog sa mga guro bilang mas matatag, mas mapagpasensya, mas mapagmalasakit, at mas inklusibong mga propesyonal. Hindi na lamang nila tinitingnan ang kanilang sarili bilang simpleng tagapagturo ng aralin, kundi bilang tagapagtaguyod ng komunikasyon, dignidad, at karapatan ng mga batang bingi. Sa kabuuan, ipinakikita ng tema na ang FSL ay naging mahalagang salik sa paghubog ng kanilang propesyonal na identidad, self-efficacy, at mas malalim na pananaw sa tungkulin ng isang SNED teacher.

Ang paghubog sa mga guro bilang mas matatag, mas mapagpasensya, at mas inklusibong propesyonal ay maituturing na bunga ng lumalakas na self-efficacy at resilience. Ayon kay Bandura (1977), lumalakas ang tiwala sa sarili kapag dumarami ang matagumpay na karanasan sa pagtuturo. Ito ay umaayon sa PMC (2021), na nagpapakita ng ugnayan ng self-efficacy at mababang emotional exhaustion. Dagdag pa rito, ipinahiwatig nina De Arao at Fontanilla (2024) at Park at Shin (2024) na ang competence, patuloy na paglinang, at positibong pagtingin sa sariling tungkulin ay mahalaga sa matibay na propesyonal na identidad ng mga guro sa SNED.

## CONCLUSION AND RECOMMENDATION

Ipinakita ng pag-aaral na ang mga guro sa SNED ay pumasok sa implementasyon ng FSL na may magkakaibang antas ng kahandaan. Bagama't may ilang dating karanasan sa paggamit ng ASL, SEE, o Love Sign, lumitaw pa rin ang pagkalito, kakulangan sa materyales, at limitadong pagsasanay, na umaayon sa obserbasyon nina Espeño et al. (2024) at Allam at Martin (2021) hinggil sa kakulangan sa specialized training at learning resources sa SNED.

Kinikilala ng mga kalahok ang RA 11106 bilang mahalagang batayan sa pagpapatibay ng karapatan ng mga deaf learner sa wikang akma sa kanilang identidad at pagkatuto. Gayunman, ipinakita rin ng datos na ang implementasyon nito ay nahahadlangan ng kakulangan sa interpreter, materyales, at institusyonal na suporta, na kaayon ng

diwa ng Republic Act No. 11106 (2018), Philippine Federation of the Deaf (n.d.), at DepEd Order No. 44, s. 2021. Ipinakita ng mga kalahok na ang paggamit ng FSL ay nagdulot ng malalim na pedagogical adjustment sa kanilang pagtuturo. Kinailangan nilang baguhin ang dating sign systems, maghanda ng mas maraming biswal na kagamitan, at iangkop ang pagpapaliwanag ng aralin.

**RECOMMENDATION**

1. Iminumungkahi na magsagawa ang Department of Education at mga paaralan ng regular, sistematiko, at hands-on na pagsasanay sa FSL, para sa mga guro sa SNED at maging sa mga gurong maaaring humawak ng mga batang may kapansanang pandinig. Ang rekomendasyong ito ay tumutugon sa kakulangan sa kahandaan na natukoy sa pag-aaral.
2. Iminumungkahi na paunlarin ng mga guro ang kanilang pedagogical practices sa FSL (RQ2) sa pamamagitan ng action learning, classroom mentoring, at regular na pakikipagpalitan ng mabibisang estratehiya sa kapwa guro. Makabubuti ring isama ang Deaf community sa mga gawaing ito.
3. Iminumungkahi na magpatupad ang mga institusyon ng mga programang magpapaunlad sa propesyonal na identidad ng mga gurong SNED, tulad ng recognition programs, mentoring, at specialized development tracks. Ang ganitong hakbang ay makatutulong sa kanilang long-term commitment at propesyonal na paglago at palakasin ang paggamit ng problem-focused, emotion-focused, at adaptive coping sa pamamagitan ng seminars, coaching, at mentoring para sa mga guro. Ang ganitong mga mekanismo ay maaaring isama sa school-based professional development programs. Bigyan ng sapat na panahon at gabay ang mga mag-aaral sa transisyon tungo sa mas malawak na paggamit ng FSL upang maiwasan ang pagkalito at mapanatili ang kanilang tiwala sa proseso ng pagkatuto. Mahalaga ring isama ang mga magulang sa pag-unawa sa FSL upang maging tuluy-tuloy ang komunikasyon sa tahanan, alinsunod sa diwa ng Philippine Federation of the Deaf (n.d.).
4. Iminumungkahi na suportahan ng mga administrador ang mga gawaing nagpapalakas ng morale at sense of purpose ng mga guro, tulad ng

recognition of effort, faith- or values-based reflection sessions, at pagbibigay-halaga sa kanilang tagumpay sa pagtuturo. Ito ay mahalaga sapagkat ang fulfillment at bokasyon ay napatunayang mahalagang salik ng resilience. Magkaroon ng kolaborasyon ng paaralan, pamilya, at stakeholders sa pamamagitan ng parent orientation, regular case conferences, at resource partnerships para sa SNED. Ang ganitong suporta ay makatutulong sa pagpapagaan ng gawain ng guro at pagpapatibay ng kanilang resilience.

## REFERENCES

Sigue, W. (2025). Inclusive education sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral na may Special Needs Education (SNED): Salik, hamon, at pag-unlad. Academia.edu.. https://www.academia.edu/127892361/Inclusive_Education_Sa_Asignaturang_Filipino_Ng_Mga_Mag_Aaral_Na_May_Special_Needs_Education_Sned_Salik_Hamon_At_Pag_Unlad

Collegesidekick. (2024). Kalagayan ng Filipino Sign Language sa gitna ng distansyang edukasyon. https://www.collegesidekick.com/study-docs/24721275

Lorenzo, M. A., Reyes, J. P., & Dela Cruz, R. M. (2021). Pedagogical inclusion and linguistic rights: A study on Filipino Sign Language in SPED classrooms. Philippine Journal of Inclusive Education, 3(2), 45–60.

DepEd Bataan. (2024). Pagpapatibay ng inklusibong edukasyon gamit ang wikang Filipino: Pagsusuri at pananaw. https://www.depedbataan.com/wp-content/uploads/2024/02/Pagpapatibay-Ng-Inklusibong-Edukasyon-Gamit-Ang-Wikang-Filipino-Pagsusuri-At-Pananaw.pdf

Kilag, O. K. T., Llanos, A. M., & Baliscao, D. (2025). Enhancing inclusive education: A review of intervention strategies for Special Education in the Philippines. International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability, and Excellence, 2(3). https://doi.org/10.5281/zenodo.15069305

School of Deaf Education and Applied Studies. (n.d.). Filipino Sign Language Learning Program. De La Salle-College of Saint Benilde. https://sdeas.benilde.edu.ph/filipinosignlanguagelearningprogram/

Republic Act No. 11106. (2018). An Act declaring the Filipino Sign Language as the national sign language of the Filipino deaf and the official sign language of the government in all transactions involving the deaf and mandating its use in schools, broadcast media, and workplaces. Republic of the Philippines.

Philippine Federation of the Deaf. (n.d.). Kasaysayan ng Filipino Sign Language sa Pilipinas. Philippine Federation of the Deaf. https://pfdeaf.org/filipino-sign-language-act/

DepEd Order No. 42, s. 2021 Department of Education. (2021). Guidelines on the

utilization of program support funds for special education (SPED) program (DepEd Order No. 42, s. 2021). https://depedph.com/deped-order-42

DepEd Order No. 44, s. 2021 Department of Education. (2021). Policy guidelines on the provision of educational programs and services for learners with disabilities in the K to 12 basic education program (DepEd Order No. 44, s. 2021). https://depedph.com/deped-order-44

DepEd Order No. 26, s. 1997 Department of Education. (1997). Institutionalization of SPED programs in all schools (DepEd Order No. 26, s. 1997). https://www.deped.gov.ph/1997/03/07/do-26-s-1997-institutionalization-of-sped-programs-in-all-schools/

Allam, F. C., & Martin, M. M. (2021). Issues and challenges in special education: A qualitative analysis from teacher's perspective. Southeast Asia Early Childhood Journal, 10(1). https://doi.org/10.37134/saecj.vol10.1.4.2021

Cuadra, J. M. (2023). Uncovering the complexities of coping: A qualitative study on the challenges faced by Special Education teachers in the sandwich generation. Philippine Social Science Journal, 6(1), 41–51. https://doi.org/10.52006/main.v6i1.646

Espeño, S. R., Babiano, E. H., Bucoy, M. L., Busime, E. L., & De Borja, J. M. A. (2024). Issues and challenges of implementing Special Education (SPED) curriculum in the Philippines: A systematic literature review. Jurnal Inovasi Pendidikan, 2(4), 195–205. https://doi.org/10.60132/jip.v2i4.390

Gallarde Jr., F. R., Gatera, M. D. D., Buscato, L., & Villaries, P. J. (2024). A phenomenological study on the lived experiences of SPED English teachers in BARMM Region. East Asian Journal of Multidisciplinary Research, 1(7). https://doi.org/10.55927/eajmr.v1i7.856

Mendoza, A. P. (2022). Perspectives, challenges and coping mechanisms of Special Education teachers: Basis for an enhanced blended learning program. AIDE Interdisciplinary Research Journal, 3(1), Article 53. https://doi.org/10.56648/aide-irj.v3i1.53

Niadas, G., Quiap, A. M., Sanchez, E., Tenerife-Cañete, J. J., Pinili, L. C., Espina, R. C., Abelgas, L. J., Añora, H. C., Capuno, R. G., & Añero, M. B. (2025). Exploring the challenges and strategies of special education teachers in developing social and adaptive skills. Journal of Humanities and Social Sciences Studies, 7(10), 1–11. https://doi.org/10.32996/jhsss.2025.7.10.1

Panopio Jr., F. P., Villareal, S. J., Tan, C. S., Bandoy, M. M., & Buenvinida, L. P. (2023). A phenomenological study of special education teachers and parents' lived experiences in upholding learners with disability in a transition program during the pandemic. International Journal of Theory and Application in Elementary and Secondary School Education, 4(2), Article 1116.

https://doi.org/10.31098/ijtaese.v4i2.1116

De Arao, R. R. J., & Fontanilla, M. C. (2024). SPED teachers’ level of competence towards transition skills of learners with special educational needs. International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, 2(2). https://doi.org/10.17613/wvbk-qj78

Brunsting, N. C., Sreckovic, M. A., & Lane, K. L. (2018). Special education teacher burnout: A synthesis of research from 1979 to 2013. Education and Treatment of Children, 41(4), 681–705.

Hastings, R. P., & Brown, T. (2020). Emotional labor and coping among teachers of children with developmental disabilities. Journal of Applied Research in Intellectual Disabilities, 33(2), 241–252.

Oliveira, A. L., Santos, M. J., Pereira, V. C., & Lima, R. P. (2021). Adaptive coping strategies among special and general education teachers: A comparative analysis. International Journal of Special Education, 36(1), 45–60.

Miller, J. D., Brown, C. A., & Smith, R. L. (2019). Work-related stressors and coping patterns of special educators. Journal of Special Education Leadership, 32(2), 73–89.

Weiss, E. L., Lloyd, T. J., & Hull, M. A. (2022). Stress, burnout, and resilience in special education teachers: A longitudinal study. Teaching and Teacher Education, 112, 103644.